**ELISABETH LUQUIN**

# Ang Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Pranses (Panayam)[1]

**ABSTRAK**

Ang papel na ito ay tungkol ng pagtuturo ng Filipino sa mga estudyanteng Pranses sa Institut National des Langues et Civilisations Orientales (INALCO) o Pambansang Surian ng mga Wika at Kabihasnang Silanganin sa Paris. Ang unang bahagi ng ambag na ito ay ipakilala ang pangkat ng wikang Filipino ng Departamento Timog-Silangang Asya at Pacifico: sino ang mga estudyante at mga guro? Ang ikalawang bahagi ay maibahagi ang pamamaraan sa pagtuturo. Panghuli, maipakita ang mga pagsubok sa pagtuturo sa mga estudyanteng Pranses o banyaga, kasama na rito ang mga kakulangan at kahinaan na maaaring mapaunlad.

**Susing salita:** Pagtuturo, wikang Filipino, banyagang wikang, suliranin, karagdagang trabaho

***ABSTRACT***

*This paper is about the teaching of the Filipino language to French students at the National Institute of Oriental Languages and Cultures (Inalco) in Paris. The first part of the contribution presents the Filipino section of the Southeast Asian and Pacific Languages department: who are the students and who are the teachers? The second part gives the teaching proceedings, and the third points out the problems encountered in teaching French students or foreigners, and the weaknesses that can be improved.*

***Keywords:*** *Teaching, Filipino language, foreign language, problems, working recommandation*

## PANIMULA

Bilang isang antropologo alam ko kung gaano kaimportante ang gamit ng wika dahil sa simpleng dahilan na ipinapahintulot nito ang unawaan ng iba't ibang lipunan sa ating mundo. Kaya nga pinagsasaligan ang pagtuturo at ang pag-aaral ng isang wika bilang isang layunin ng pagkakaunawaan. Ang kapuluan ng Pilipinas ay kapuri-puri sa aspektong ito dahil may isang wikang pinili sa mga grupong etniko-linggwistik ng

mga katututubong lipunan. Ang proseso ay hindi pinadali ng dalawang magkasunod na kolonisasyon. Sa palagay ko, ang dominasyon ng wikang Ingles ay bagalan ang pagkilala ng mga *Austronesian* na wika lalo na sa pagtuturo sa mga bata. Napansin ko na para sa maraming Filipino ang wikang Ingles ay ang wikang inaasahang alam ng bawat isa, at ang wikang Filipino ay isa lamang sa marami nilang sariling katutubong wika. Bukod dito, dahil na rin sa kalagayan ng mga wika sa Pilipinas ngayon ay lumabas na ang hindi kanais-nais na impluwensiya ng kolonisasyon gaya ng *semilinguism* o *distractive bilingualism*, *code-switching* at *diglossia*. Ito ang dahilan kung bakit mas pabor kami sa pagtuturo gamit ang sariling wika; ibig sabihin kailangan ng Pilipinas ang *multi-language teaching policy*.

Isantabi natin ang napakainit na paksang ito at bumalik tayo sa pagtuturo ng Filipino bilang isang wikang banyaga sa Pransya.

Taong 1965, sa Paris, nagsimula ang pagtuturo ng wikang Filipino sa INALCO sa pangunguna ni Ginang Marina Quirolgico-Pottier. Ang ibig sabihin ng daglat na INALCO ay Institut National des Langues et Civilisations Orientales na kung isalin sa Filipino ay Pambansang Surian ng mga Wika at Kabihasnang Silanganin.

Ang unibersidad ng INALCO ay mayroong limampu't apat na Batsilyer sa Arte ng Wikang Silanganin kagaya ng Arabo, Hapon, Hindi, Tsino, at Ruso. At sa Departamento ng Timog-Silangang Asya at Pasipiko ay mayroong Burmese, Filipino, Bahasa Indonesia, Cambodian, Laosian, Tahitian, Thai at Vietnamese.

Walang ibang pamantasan sa Europa na may *Philippine Studies* na itinuturo sa *BA level* na may kompletong kurikulum tulad ng wika, panitikan, kasaysayan, heograpiya at antropolohiya. Bukod sa Filipino o Filipino-Tagalog[2], mayroon ding panimulang pag-aaral ng Sebwano at Ilokano sa aming BA. Ang pagtuturo ng Filipino, Sebwano at Ilokano sa Pranses ay isang pagkakataon na hindi maipagkakaila. Bagaman ang wikang Ingles ay alam gamitin ng malaking porsiyento ng mga Pilipino, mas kapaki-pakinabang makipag-ugnayan sa sariling wika ng isang bansa.

Taong 2004, naging pinuno ako ng pangkat ng wikang Filipino sa Departamento ng Lengguwahe ng Timog-Silangang Asya sa INALCO.

Sa unang bahagi ng ambag na ito, nais kong ipakilala ang aming pangkat ng wikang Filipino: sino ang mga estudyante at sino ang mga guro; ikalawa, maibahagi ang pamamaraan sa pagtuturo; at panghuli, maipakita ang mga pagsubok sa pagtuturo sa mga estudyanteng Pranses, kasama na rito ang mga kakulangan at kahinaan na maaari pang mapaunlad.

**Presentasyon ng aming pangkat ng wikang Filipino: sino ang mga estudyante at sino ang mga guro.**

Bawat taon ay may humigit-kumulang dalawampung estudyante. Anim hanggang walo sa unang taon, dalawa hanggang anim sa ikalawang taon at dalawa hanggang tatlo sa ikatlong taon. Pero sa taong ito ay may dalawampung mag-aaral sa unang taon. Mahigit na tatlumpu ang nagpalista ngayong taon.

***Ang mga mag-aaral ay nauudyukan ng iba't ibang layunin:***

- Una, ang uri ng mag-aaral ay dalawang klase: mayroong mga Pranses na anak ng mga Filipinong nakatira sa Paris at ang mga mestiso na ang isang magulang ay Filipino at isa ay Pranses. May mga kaso rin na ang mga magulang na Filipino ay hindi Tagalog, kung kaya't hindi marunong mag-Filipino ang bata.

- Ikalawa, ang agham o trabahong may kaugnayan sa Pilipinas: ang mga taga-Pransya na gustong mag-aral o magtrabaho sa Pilipinas, mga estudyente sa agham pampolitika (*political sciences*), sa agham panlipunan (*social science*s) o sa negosyo. Doble ang kurso nila, ibig sabihin ang gusto nila ay matapos ang pangunahing kurso nila - ibang BA o masterado - at ang BA Filipino.

- Ikatlo, ang kamag-anakang Filipino. Dalawang klase ito: una ang mga taga-Pransya na may asawang taga-Pilipinas o may kamag-anak na ikinasal sa Filipino.

Tunay na makikitang iba't iba ang layunin sa pag-aaral ng mga estudyante sa pangkat ng Filipino sa INALCO at ang edad nila ay mula labingwalong taon hanggang pitumpung taon. Sari-sari din ang antas ng kanilang pag-aaral. Ang pinakabata ay maaaring manggaling ng high school at ang iba naman ay may Masteral o Doctorate na sa ibang kurso.

Ang pangkat ng nagtuturo sa INALCO ay dapat iangkop sa iba't ibang uri ng mga estudyante: kanilang edad, kasanayan, karanasan at layunin.

***Sino ang mga guro sa pangkat na Filipino sa INALCO?***

Apat kaming guro sa bawat taon. Noong nagsimula akong magturo taong 2004, ako lang ang may pirmihang katayuan bilang guro. Ang aking mga kasamahan ay pawang mga *chargés de cours* na kung isasalin ko sa Filipino ay mga "pansamantala ang estado." Dahil mahirap magturo kung walang ibang kasamahang guro na pirmihan, at upang mas mapabisa ang pamamaraan ng pagtuturo, humingi ako ng kontraktuwal na posisyon sa *Scientific at Administration Boards* ng INALCO. Makalipas ang ilang taon, nagkaroon ang pangkat na Filipino ng isang kontraktuwal na posisyon. Ibig sabihin mas pirmihan na

ang pagtuturo sa aming pangkat. At nais kong taga-Pilipinas at Filipino ang katutubong lengguwahe ng magiging kasama ko.

Ipakikilala ko ngayon ang mga guro sa alpabetikal na pagkakasunod-sunod.

- Isang kontraktuwal na posisyon[3] ay nagtuturo ng balarila sa ikalawa at ikatlong taon, pagsasalita at pagbigkas sa ikalawang taon at pagsulat mula una hanggang ikatlong taon. Labing-isang oras bawat linggo ang mga kurso.

- Isang *chargé de cours* ang nagtuturo ng Cebuano bawat dalawang taon. Ang kursong ito ay panimulang pag-aaral, tatlong oras bawat linggo sa dalawang semestre.

- Isang *chargé de cours* ang nagtuturo ng pagsasalita at pagbigkas sa Filipino sa unang taon. Tatlong oras bawat linggo ang kaniyang kurso.

- Isang *chargé de cours* ay nagtuturo ng kursong panimulang pag-aaral ng Ilokano. tatlong oras bawat linggo sa dalawang semestre.

- Ako naman ay nagtapos ng PhD sa Social Anthropology at Ethnology sa Paris. Ang aking pananaliksik ay tungkol sa mga kaugnayang panlipunan, mga ritwal at mga alamat ng mga Hanunoo-Mangyan sa timog ng Mindoro. Tumira ako roon ng apat na taon at matatas akong magsalita ng Mangyan, ang kanilang wika. Nagtapos din ako ng BA Filipino sa INALCO. Nakapag-aral din ako ng FIL 4 at Kom 1 sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman bilang Presidential Scholar sa Anthropology Graduate Studies noong 1986.

Taong 2004 nang halinhinan ko si Ginang Pottier nang magretiro siya. Mula noon nagturo ako ng balarila at panitikang Filipino. Si Propesor Esteban Magannon, tubong Kalinga, isa sa naging kasamahan ko sa INALCO, ay nagturo noon ng kurso tungkol sa lipunan at kultura ng Pilipinas. Nagretiro din siya noong 2012 at ako ang pumalit sa kaniya dahil na rin sa aking pag-aaral at karanasan sa Antropolohiya. Siyam na oras bawat linggo ang aking mga kurso.

**Ano ba ang mga kurso at ang pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino?**

Ibibigay ko ang kompletong listahan ng mga kurso, at ibibigay ang pagkakasunod-sunod ng pagtuturo nito.

Ang aming mga kurso ay ang sumusunod:

Balarila sa unang taon: Panimula sa mga estruktura ng wikang Filipino

Maipaliwanag ang mga panuntunang balarila at ang gamit nito sa pamamagitan ng mga pagsasanay sa pagsulat at pagsasalita. Paglinang sa nalalaman sa pamamagitan ng pagkakasunud-sunod na pagsapol sa isang layunin ng kaalaman o kadalubhasaan. Sa isang pagkakasunod-sunod, tutugunan ang lahat ng pinaka-importante: pagbabaybay, balarila, pagbabasa, pagsasalita at pagsulat.

Pagsulat sa unang taon: simpleng pangungusap

Mga tema at bersiyon. Pagsasanay sa paggawa at pagsulat upang makabuo ng mga pangungusap para sa pang araw-araw gamit.

Pagsasalita at pagbigkas sa unang taon

Pagsasanay sa pagbigkas: kasanayan sa pagbasa at pagdidikta gamit ng mga payak na teksto. Simpleng araw-araw na pag-uusap at oral na pagsasanay. Pagpapakilala sa awtomatikong estruktura ng pangungusap mula sa isang pangunahing hanay ng mga morpolohikal na anyo nito.

Balarila sa ikalawa at ikatlong taon

Kahusayan sa pagsulat. Mapalalim ang pag-unawa sa balarila sa pamamagitan ng isang teksto.

Pagsulat sa ikalawa at ikatlong taon: mga komplikadong pangungusap

Pagsasanay sa Filipino sa pamamagitan ng pag-aaral ng estruktura ng balarila ng iba't ibang mga teksto at kaukulang pagsasanay. Komposisyon ng mga komplikadong pangungusap.

Pag-aaral ng modernong mga teksto sa Filipino sa ikalawa at ikatlong taon

Pagbabasa, pambalarilang pagsusuri at pagsasalin. Pagbuo ng isang kritikal na kagamitan sa isang hanay ng mga tekstong pampanitikan (komiks, artikulo sa pahayagan, liriko ng kanta, at mga nakakatawang kuwento).

Pagsasalita ng Filipino sa ikalawa at ikatlong taon

Pagsasanay sa pagbasa at pag-unawa sa pang-araw-araw na pag-uusap. Maipaliwanag ang tamang paggamit ng wika sa pagsasanay sa pagbigkas.

Pag-aaral ng Panitikan ng Pilipinas

Sa pamamaraang kronolohikal, ipinakikilala namin ang panitikan ng Pilipinas mula sa Austronesyanong tradisyon ng oral na panitikan ng iba't ibang katutubong lipunan (grupong etniko-linggwistik) hanggang sa kasalukuyang modernong panitikang Filipino: bugtong, salawikain, epiko, alamat, ambahan, korido, awit, pasyon, sarsuwela, tula, dula, nobela at maikling kuwento. Mga manunulat ay sina Balagtas, Rizal, Del Pilar, Bonifacio, Aurelio Tolentino, Juan Abad, Fernando Guerrero, Jose Garcia Villa, Edroza-Matute, Amado Hernandez, Rolando Tinio, Virgilio Almario, at Ricky Lee. Pinipili namin ang mga teksto sa mga aklat ni Dr. Lumbera at sa mga may-akda mismo.

Dahil bahagi ng mga wikang Austronesyano ang mga wika ng arkipelagong Pilipinas, ipinakikila namin ang kurso gamit ang presentasyon ng mga ito sa larangan ng lingguwistika. Ano ang pinagbigkis na wika? Ano ang salitang-ugat o base ng salita? At iba pa. Pagkatapos, nagbibigay kami ng kaunting kasaysayan ng wikang Filipino at ano ang mga hiniram na salita galing sa wikang Sanskrit, Tsino, Arabo, Kastila, Ingles at iba pa.

Ipinapaliwanag namin sa isang buod kung ano ang sistema ng balarilang Filipino gaya ng *topikalisasyon* at mga kaparaanan. May limang posibilidad na pokus ng pangungusap: ang tagagawa o aktor, ang layon, ang tagatanggap, ang lokatib o direksiyon at ang gamit o instrumental. Bukod dito, mayroon pang mga kaparaanan: nagbibigay-kaalaman (*informative*), pagbabahagi (*distributive*), potensiyal (*potential*), sosyal (*social*), kawsatibo (*causative*), at dahilan (*reason*).

Ang unang aralin ay ang pang-angkop o *linker*[4], pagkatapos ay ang marker o *function indicators* o mga pantukoy, kasabay ang ilang bokabularyo ng mga pangngalan at pang-uri upang matutong bumuo ng tamang pangungusap ang mga estudyante. Wala pang pandiwa sa mga pangungusap sa puntong ito dahil sa dami ng panlaping may iba't ibang pokus at kaparaanan.

Kasunod nito ang aralin ng mga panghalip, demonstratives o mga pamatlig at may, mayroon, wala o ang *existential* sa Ingles, at ang pagtutulad.

Bago matapos ang unang semestre, inuumpisahan namin ang paggamit ng pandiwa sa pangungusap. Una rito ang may panlaping pokus sa tagagawa: -UM-, MA-, MAG- at MANG-. Susundan ito ng aralin na may pokus sa layon –IN-, I-, -AN. Kung may panahon pa sa ikalawang semestre nagtuturo kami ng tagatanggap na panlaping I- at IPAG-, at ang potensiyal na panlaping MAKA- at MAKAPAG na pokus sa tagaganap. Ang pinakahuling pandiwang panlapi na pinag-aaralan namin ay ang -AN na may pokus na lokatib o direksiyon.

May mga pagsasanay sa bahay bawat linggo upang matuto nang mas mabilis ang estudyante.

Sa katapusan ng unang taon marunong nang bumuo ng pangungusap na may pandiwa ang mga estudyante. Nakaiintindi na ng simpleng teksto at diyalogo. Nakakapagsalin na rin sila ng teksto mula Filipino patungong Pranses at kabaligtaran, at higit sa lahat, makapagsulat sa Filipino.

Sa ikalawa at ikatlong taon ay sunod-sunod na ang iba't ibang pandiwang panlaping potensiyal: MA-, MAI-, MA---AN, MAIPAG-, MAPAG--AN, MAIPANG- at mga panlaping sosyal: MAKI-, MAKIPAG-, MAKIPANG-, PAKI- at PAKI---AN, mga panlaping kawsatibo: MAGPA-, IPA-, IPAG-, MAIPA-, PA-, PA---AN, PA---IN at ang panlaping dahilan IKA-.

Natututunan din nila ang mga *pseudo verbs*: gusto, nais, ayaw, kailangan, at mga *modal verbs* na dapat, puwede, maaari, kaya, at iba pa. Mayroon din mga panlaping pangngalan o *nominal* at mga pangngalang pandiwa o *nominal verbs*: mula –IN hanggang TAGA- o SANG-. Kung susumahin, halos mayroong tatlumpung panlaping makangalan.

Sa loob ng tatlong taong ito, regular din naming isinasama ang mga pang-abay (*adverbs*), mga pangatnig (*conjunctions*) at mga pang-ukol (*prepositions*).

Natural na hindi namin maituturo ang lahat ng mga panlapi sa loob ng tatlong taon, ngunit sa katapusan ng ikatlong taon, marunong na mag-Filipino ang mga estudyante namin. Lalo na dahil tuloy-tuloy ang pagtuturo ng pagsasalita, pagbigkas at pagsulat. Sa ikalawa at ikatlong taon maraming pagsasanay sa pagsasalin mula Filipino sa Pranses at mula Pranses sa Filipino. Ang huling pagsasanay na ito ay ang pinakamahirap para sa mga estudyante dahil iba ang estruktura ng pangungusap sa Pranses at sa Filipino.

Ginagamit namin ang sariling araling balarila na nag-elaborate/work out sa wikang Pranses base sa mga aklat nina Teresita Ramos, Schachter at Otanes sa aklat na *Tagalog Reference Grammar*, at sa iba't ibang manwal gaya ng *Tagalog for Beginners* para sa mga banyaga.
Wala pang diksiyonaryo ng Filipino-Pranses/Pranses-Filipino, kaya nga ginagamit namin ang mga diksiyonaryo nina Leo English, Vito C. Santos *Vicassan,* at Jose Villa Panganiban.

**Ang mga pagsubok sa pagtuturo sa mga estudyanteng Pranses, kasama na rito ang mga kakulangan at kahinaan na maaari pang mapaghusay.**

- Ang *topicalisation* ng balarilang Filipino ang pinakamahirap ituro dahil ang paksa o simuno ay nagpapalit ayon sa pokus ng pangungusap. Hindi ganito ang kaso sa wikang Pranses. Mayroong limang posibilidad na pokus. Bukod dito, mayroon pang mga moda o kaparaanan. Dahil dito, nalilito ang mga estudyante kung anong pokus ang dapat nilang gamitin sa kanilang mga pangungusap. Paano piliin ang tamang panlapi? Ang taong nagkamalay sa Pilipinas ay alam agad ang tamang panlaping dapat niyang gamitin; subalit ang dayuhan na nag-aaral pa ng lengguwahe ay nahihirapan kung ano ang dapat gamitin. Ibig sabihin, ang taong nais na humusay sa Filipino ay dapat manirahan sa Pilipinas upang masanay magsalita sa Filipino. Dahil dito sinimulan namin ang pakikipag-ugnayan sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa UP upang makapag-aral ang ilang estudyanteng Pranses at mapagtibay ang kanilang antas sa Filipino. Gayundin naman, nag-iimbita ang INALCO ng guro sa Filipino mula sa UP upang makipagtulungan sa pagtuturo.

May ilang panlaping pandiwa ang nagbibigay ng pagsubok sa mga estudyanteng Pranses.

- Ang panlaping distribyutib <MANG-> na may pokus sa tagagawa ay hindi malinaw at may iba't ibang kahulugan at kakulangan sa paliwanag sa iba't ibang sanggunian ng pag-aaral ng balarilang Filipino o Tagalog.

- Ang pagkakaiba ng -UM- at MAG- ay mahirap ding ipaliwanag. Wala pang ganap na listahan tungkol sa dalawang panlaping ito. At para sa amin ay hindi pa maliwanag kung minsan ang pagkakagamit sa mga ito.

- Ang isa pang panlapi kung saan nahihirapan ang mga estudyante ay ang --AN na may pokus sa layon at sa lokatib o direksiyon. Sa wikang Pranses ang layon at lokatib o direksiyon ay pareho. Dahil ang -AN ay nagpapahayag ng direksiyon ng kilos papunta sa layon, na siya namang layon lamang sa Pranses, kaya madalas ay ginagamit namin ang -AN para ipahayag lamang ang pokus sa layon at hindi sa lokatib o direksiyon.

- Dahil walang *sequence of tenses* sa Filipino, at masalimuot o komplikado naman ang *sequence of tenses* sa Pranses, kadalasan ang mga estudyante ay nalilito kung paano gamitin ang apat na aspekto sa Filipino dahil wala pang artikulo o librong saligan (pangunahin) tungkol dito.

Totoong magkaiba ang balarilang Filipino at Pranses. Hindi maipagkakaila ang awtomatikong paggamit ng panuntunang Pranses sa balarilang Filipino. At ito ang nagpapahirap sa mga estudyante. Hindi nila maihiwalay agad ang pagkakaiba ng dalawa.

## SA KONGKLUSYON

Nais naming malaman kung dapat ba kaming magturo gamit ang pamamaraan ng mga Pranses o ng Filipino? Halimbawa, dapat ba naming ipaliwanag muna ang mga panlapi bago gamitin ito sa mga salitang-ugat, o ituro muna ang mga salitang-ugat at ipakita na nagbabago ang kahulugan nito depende sa panlapi? O kaya naman, nararapat bang ipasaulo ang listahan ng mga pandiwa, o unti-unti ay matututunan nila ang mga pandiwa habang naipapaliwanag ang mga panlapi?

Ang mga hirap at pagsubok samakatwid ay nagbibigay ng ilang karagdagang trabaho na kailangang paunlarin. At dahil nais naming mapabuti ang kalidad ng aming pagtuturo, hinihikayat namin ang mga Filipinong lingguwista at mga eksperto sa balarilang Filipino na bumuo ng isang praktikal na materyales sa pagtuturo ng Filipino bilang isang banyagang wika. Totoong ang pag-analisa ng wikang Filipino at iba't ibang wika sa Pilipinas ay sinimulan lamang sa unang bahagi ng ika-dalawampung siglo, normal na ang pag-aaral ay

hindi pa nakokompleto. Ang mga wikang Kanluranin ay sinimulan ang pag-aaral maraming siglo na ang nakaraan.

Sa wakas, isang pangunahing pagkakaiba sa pagtuturo ng wikang Pranses sa Pranses at ang pagtuturo ng Filipino sa mga Pilipino ay ang mga panuntunan sa balarila. Ang balarilang Pranses ay sistematikong itinuturo habang ang sa Filipino ay hindi. Ang pagtuturo ay batay sa mga praktikal na pagsasanay. Dapat kabisaduhin ng mga Pranses ang mga panuntunan sa balarila at gamitin ito.

## MGA TALA

[1] Batay sa ambag na papel para sa kumperensiyang "Mother-Tongue and National Language in the K+12 Curricular Enhancement as Framework for Development: an International Conference-Workshop," ng Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas Diliman na ginanap noong 20-22 Nobyembre 2014.

[2] Ang pagpapahayag na ito ay galing kay Br. Andrew Gonzales, isang Filipinong lingguwista na sikat sa mga akademiko ng lingguwistikang Pilipinas at dating pangulo ng De la Salle University.

[3] Gusto kong magpasalamat kay Kristine Busson para sa kaniyang pagrepaso sa ambag na ito. Siya ang kontraktuwal sa kasalukuyan.

[4] Pangngalan – Noun, Panghalip – Pronoun, Pandiwa – Verb, Pang-uri – Adjective, Pang-abay – Adverb, Pantukoy – Pointer, Pangatnig - Conjunction, Pang-ukol – Preposition, Pang-angkop – Connector, Pandamdam – Interjection, Pamatlig – Demonstrative, Panlapi – affixe.